

Tiyakin

A. Anong uri ng kalamidad ang inilalarawan sa Hanay A? Sipiin ang mga letra ng sagot sa Hanay B. Isulat ang sagot sa patlang bago ang bawat bilang.

A	B
_____ 1. Pagyanig ng lupa at pagkasira ng mga gusali at mga kabahayan	A. lindol
_____ 2. Biglaang pagbabaha na dala ng malakas na bagyo o matagalang pagbuhos ng ulan.	B. El Niño
_____ 3. Pagguho ng lupa	C. Tsunami
_____ 4. Pagkakaroo ng tagtuyot	D. Landslide
_____ 5. Pagkakaroon ng malalaking hagupit ng alon mula sa baybaying dagat	E. Flash Flood
	F. Volcanic Eruption

B. Isulat sa patlang ang T kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at M kung mali.

- _____ 1. Ang *geohazard map* ay nagpapakita ng mga kung saan maaaring lumikas kapag matindi ang pag-ulan.
- _____ 2. Nagmula ang *geohazard map* sa Pambansang Tanggapan para sa Pagtugon sa Sakuna o *National Disaster Risk Reduction and Management Council* (NDRRMC).
- _____ 3. Gumagamit ang NDRRMC ng makina upang maobserbahan at matukoy ang galaw ng tubig kapag umuulan.
- _____ 4. Nakatutulong ang *geohazard map* sa pagtukoy ng malakihang pagbaha sa iba't ibang panig ng ating bansa.
- _____ 5. Magagamit ang *geohazard map* ng mga lokal na pamahalaan sa pagtukoy kung kalian magkakaroon ng pag-ulan at pagbagyo.
- _____ 6. Pinakamapanganib sa lugar sa pagkakaroon ng volcanic eruption ang Camiguin dahil sa maliit ang lugar na ito.
- _____ 7. Walang naulat na bilang ng mga aktibong bulkan sa Sulu.
- _____ 8. May mga lugar na mapanganib sa pagguho ng lupa dahil sa lindol.
- _____ 9. Pangunahing lugar ang Sulu at Tawi-Tawi na maaaring makaranas ng *tsunami* dahil malapit ang mga lugar na ito sa mga *trench*.
- _____ 10. Nakakaranas ng *tsunami* ang mga lugar na Basilan at Romblon.

C. Bumuo ng isang web tungkol sa kalamidad gamit ang *Framer Model*. Gayahin ang modelo sa ibaba.

